# Ating Alamin ang **RABIES**

## KAALAMAN

- Ang Pilipinas ay kabilang sa mga nangungunang bansa na may kasong *rabies.*
- Inaatake ng *rabies virus* ang utak ng mga taong naapektuhan nito.
- Karamihan ng kaso ng *rabies* sa tao ay galing sa aso.



*Photo source: WHO*



*Photo source: CDC*

- Ang sakit na rabies ay nanggagaling sa kagat o kalmot ng isang hayop na may *rabies virus.*
- Ang mga sintomas ng *rabies* ay pagkahibang, agresibong kilos, pagbabago ng kaisipan, pagkatakot sa tubig o hangin, at pagkaparalisa na nagdudulot ng kamatayan.
- Wala ng lunas ang rabies kapag lumabas na ang mga sintomas nito.

***ANG RABIES AY NAKAMAMATAY, NGUNIT MAARING MAIWASAN.***

## PAG-IWAS

- Bakunahan ang mga alagang hayop laban sa *rabies* kada taon.
- Pangaralan ang mga bata na huwag hawakan o pakainin ang mga ligaw na hayop.
- Pabakunahan ang inyong anak laban sa *rabies* (bilang *pre-exposure prophylaxis*).
- Hugasan agad ang mga kagat o kalmot ng hayop gamit ang tubig at sabon sa loob ng 10-15 na minuto.
- Pumunta sa pinakamalapit na ***animal bite center*** **o** ***emergency room*** kung ikaw ay nakagat o nakalmot ng hayop.



*Photo source: GARC*
*(Mary Faye Matuguinas)*

***MAGING RESPONSABLE. GAWIN NATING RABIES-FREE ANG PILIPINAS.***



*Sources: World health Organization (WHO) 2017,*
*Center for Disease Control and Prevention (CDC) 2020,*
*Philippine Information Agency 2023,*
*Rabies Manual of Procedures (MOP) 2019*